Human Early Learning Partnership (HELP)
University of British Columbia
440-2206 East Mall Vancouver
BC Canada V6T 1Z3
www.earlylearning.ubc.ca

Pag-unawa sa Middle Childhood: The Middle Years Development Instrument (MDI)
Informed Passive na Consent na Liham ng Magulang/Tagapag-alaga

Pangunahing Imbestigador: Eva Oberle, Ph.D., Human Early Learning Partnership, Paaralan ng Populasyon at Pampublikong Kalusugan, eva.oberle@ubc.ca
Mga Kapwa Imbestigador sa UBC's Human Early Learning Partnership, Paaralan ng Populasyon at Pampublikong Kalusugan: Kimberly Schonert-Reichl, Ph.D., Magdalena Janus, Ph.D., Martin Guhn, Ph.D., Anne Gadermann, Ph.D.
Kaugnay sa Proyekto: Marit Gilbert, mdi@help.ubc.ca, 604-827-5504

SA ISANG SULYAP

- Magaganap ang isang survey sa iyong paaralan at tatanungin ang mga mag-aaral ng mga tanong na nauukol sa kanilang sosyal at emosyonal na pag-unlad, kalusugan at kabutihan ng kalagayan.
- Iimbitahan ang iyong anak na magkumpleto ng survey maliban kung hayagan mong hilingin na alisin ang anak mo.
- Sasabihan ang anak mo na maaari nilang piliing kumpletuhin ang survey, at maaaring laktawan ang mga tanong at huminto anumang oras.
- Kung gusto mong matuto pa tungkol sa survey, paki-visit sang https://earlylearning.ubc.ca/monitoring-system/mdi/parent-caregiver-info/.

Mahal na Parent/Guardian,

Iniimbitahan ng paaralan mo at ng Human Early Learning Partnership (HELP) sa University of British Columbia (UBC) ang anak mong maging bahagi sa pagkumpleto ng Middle Years Development Instrument (MDI). Ang MDI ay may mga tanong tungkol sa social at emotional na pag-unlad, kalusugan, mga experience sa paaralan, connectedness, at out of school na oras. Ang mga estudyante na nasa Grade 4 hanggang 8 ay iimbitahing kumpletuhin ang MDI sa oras ng klase sa Enero/Pebrero. Ang MDI project ay sponsored ng iyong school district.

Ano ang purpose ng project na ito?

Ang purpose ng project na ito ay para mas mabuting maintindihan ang aspects ng social at emosyonal na pag-unlad, kalusugan at well-being ng mga bata, na nagko-contribute sa kanilang tagumpay sa paaralan at sa buhay. Tinutulungan kami ng information na ito para maintindihan ang mga influence sa kalusugan at well-being ng mga bata. Binibigyan ng MDI ang mga bata ng boses sa pag-report ng kanilang mga naiisip, nararamdaman at nararanasan sa paaralan, sa bahay at sa community, pati na kung ano ang ginagawa nila pag-uwi mula sa paaralan. Magagamit ng mga paaralan, pamahalaan at mga komunidad ang information ng MDI para ma-improve ang mga suporta at serbisyo para sa mga bata. Para tingnan ang mga tanong sa survey, paki-visit ang https://earlylearning.ubc.ca/monitoring-system/mdi/parent-caregiver-info/.

Ano ang mangyayari?

Kukumpletuhin ng mga estudyante MDI online, supervised ng school staff. Ang survey ay aabutin ng 45-60 minutes ng class time. Ang ilan sa mga tanong ay tungkol sa feelings at relationships ng mga bata. May lugar sa survey kung saan makakahingi ng tulong ang anak mo para sa anumang mga problema nila. Kung humingi ang

anak mo ng tulong, makakatanggap ang teacher at principal ng email magpa-follow up sila sa anak mo ayon sa mga procedure ng paaralan.

Boluntaryo ang participation

Voluntary ang MDI. Maaaring laktawan ng anak mo ang mga tanong o ihinto ang survey anumang oras. Ang pagsali o hindi pagsali sa survey ay walang epekto sa mga grade ng anak mo. Walang epekto ito sa anumang serbisyo na natatanggap ng pamilya mo mula sa paaralan o school board.

Kung ayaw mong gawin ng anak mo ang MDI, pakibalik ang naka-attach na form sa teacher o sa principal ng anak mo sa loob ng 2 linggo mula matanggap ang liham na ito. Maaaring alisin ang anak mo ANUMANG ORAS bago ang pagbibigay ng survey. Puwede ka ring mag-email sa project team ng MDI sa mdi@help.ubc.ca para i-withdraw ang anak mo. Kapag naisama ang sa mga report, hindi mawi-withdraw ang anak mo. Kung hindi sumali ang anak mo, gagawa sila ng activity na kaugnay ng kanilang regular na school work.

Paano mapoprotektahan ang privacy ng aking anak?

Ang mga sagot ng anak mo sa mga tanong sa survey ay **private at confidential**, at hindi ise-share sa iyo o sinomang staff ng paaralan o school district. Walang idaragdag na information sa record ng paaralan ng anak mo mula sa project. Hindi ia-identify ang anak mo at ang paaralan ng anak mo sa mga research publication o sa mga public document.

Anong information ang sine-share sa HELP (UBC)?

Para sumali sa MDI, nagbibigay ang iyong school district ng information sa HELP sa UBC tungkol sa iyong anak, kasama ang kanilang pangalan, Personal Education Number (PEN), birthdate, gender, zip code, at kung sila ay First Nations, Métis o Inuit. Ise-share ang karagdgang information kung sila ay may disability o diverse ability, o kung sila ay English Language Learner o nasa French Immersion program, para sa layunin ng research at pag-report. Ang pangalan ng anak mo ay gagamitin lang para makapag-log in ang anak mo sa survey. Aalisin ito mula sa mga sagot sa survey kapag kumpleto na ang survey.

Paano gagamitin at ii-store ang data?

Ang MDI data naka-store sa isang secure environment. Ang personal na information ay ihihiwalay sa mga sagot ng anak mo sa survey. Ang data ng MDI ay magagamit lang para sa mga approved na research project sa **ilalim ng Federal, Provincial/Territorial na batas sa privacy**. Maaaring mag-apply ang mga researcher para sa pahintulot na gamitin ang MDI data para sa layunin ng research o statistics. Ang mga aprubadong researcher ay bibigyan ng data na hindi maikokonekta sa sinomang individual na estudyante.

Ang data ng anak mo ay maaaring i-link sa ibang data para matuto pa tungkol sa factors na nakaka-influence sa well-being, kalusugan, at tagumpay sa paaralan ng anak mo. Maaaring kasama sa ibang data ang information sa edukasyon at kalusugan. Ang data na naka-link ay **magagamit *lang* para sa pananaliksik o istatistikong layunin, sa ilalim ng aprubadong Research Agreement, o para sa pagpaplano ng program, evaluation, o layunin ng pananaliksik sa pamamagitan ng isang Information Sharing Agreement.**

Ang data ng anak mo ay ibinabahagi rin sa BC Ministries of Government and Health Authority para sa pagsusuri, pagpaplano, pananaliksik, o istatistikal na layunin ng programa. Ang data na ibinahagi sa Ministries and Health Authorities ay maaaring ma-link sa iba pang data set at pagkatapos ay alisin ang pagkakakilanlan bago i-access at gamitin para sa pagsusuri, alinsunod sa Kasunduan sa Pagbabahagi ng Impormasyon na nakatalaga. Maaari lang maganap ang pag-report sa lebel ng pangkat. Higit pang information ay available sa:

https://earlylearning.ubc.ca/about/privacy-and-ethics/. Para sa mga alalahaning kaugnay ng privacy ng survey data ng anak mo, paki-contact ang Privacy Officer ng HELP sa privacy@help.ubc.ca.

Mga resulta ng project

Ang mga report ng paaralan ay ise-share sa school district at mga paaralan, at hindi sine-share sa publiko. Nagbibigay ang HELP ng mga pampublikong community report at mga mapa ng neighbourhood ng mga resulta ng survey sa https://earlylearning.ubc.ca/reports/. Kung interesado kang matuto pa tungkol sa kung paano ginagamit ng mga paaralan at mga community ang data ng MDI para suportahan ang mga bata, paki-visit ang aming website sa www.discovermdi.ca.

Data ng Indigenous at Mga Report

Kinikilala ng HELP at nirerespeto na ang First Nations, Métis, at Inuit, mga komunidad at mga pamahalaan ay may karapatang i-access ang lahat ng data na kinolekta para sa mga anak nila. Ang HELP, sa pamamagitan ng guidance ng Aboriginal Steering Committee, ay nagtaguyod ng protocol para suportahan ang First Nations, Métis at Inuit na mga pamahalaan at pinamumunuhan ng Indigenous na mga organisasyon na may data at mga report oara sa mga Indigenous na bata. Nire-report lang ng HELP ang data ng MDI para sa Indigenous Peoples sa pamamagitan ng guidance at stewardship ng Aboriginal Steering Committee.

Saan ka makakakuha ng higit pang impormasyon sa project?

Para sa karagdagang information, pumunta sa website ng HELP sa https://earlylearning.ubc.ca/monitoring-system/mdi/mdi-overview/. Kung mayroon kang anumang tanong o concerns, paki-contact si Marit Gilbert, Project Contact, gamit ang email sa mdi@help.ubc.ca o sa telepono sa 604-827-5504 o toll free 1-888-908-4050. Maaari mo ring kontakin ang pangunahing imbestigador sa email na ibinigay sa ibaba.

Sino ang mako-contact mo kung may mga alalahanin ka o mga reklamo tungkol sa pag-aaral?

Kung mayroon kang anumang mga concern o reklamo tungkol sa rights mo o ng anak mo bilang participant sa research at/o mga karanasan mo sa pagsali mo sa pag-aaral na ito, kontakin ang Research Participant Complaint Line sa UBC Office of Research Ethics sa 604-822-8598 o mag-email sa RSIL@ors.ubc.ca o tumawag nang toll free sa 1-877-822-8598.

Lubos na sumasainyo,

Eva Oberle, Ph.D.
Propesor, Human Early Learning Partnership
University of British Columbia
Email: eva.oberle@ubc.ca

✂----------✂----------✂

Kung gusto mong <u>i-withdraw</u> ang anak mo, pakipirmahan at ibalik ang bahaging ito sa teacher ng iyong anak.

Pakibalik ang form na ito sa classroom teacher sa loob ng 2 linggo kung AYAW mong sumali ang iyong anak. Maaari ka ring mag-email sa mdi@help.ubc.ca para alisin ang anak mo ANUMANG ORAS bago ang pagbibigay ng survey.

☐ Hindi ako pumapayag na ang aking anak na si [PANGALAN] _____ ay sumali sa Middle Years Development Instrument (MDI) survey na gaganapin sa Enero/Pebrero.

Pangalan ng Magulang/Guardian: _____ Petsa: _____

Paaralan: _____ Teacher: _____